


# SI JESUCRISTO AY ANG . . .

BANAL NG ISRAEL

LUMIKHA

TAGAPAGLIGTAS

KORDERO NG DIYOS

ANAK NG DIYOS

*Bugtong na Anak*

MANUNUBOS

MESIYAS

MABUTING PASTOL

“Masdan, ang daan para sa tao ay makipot, ngunit ito’y nasa isang tuwid na daraanan sa harapan niya, at ang **BANAL NG ISRAEL** ang tanod ng pasukan; at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon” (2 Nephi 9:41).

“Siya ay tatawaging Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at lupa, ang **LUMIKHA** ng lahat ng bagay mula sa simula” (Mosias 3:8).

“Kung sakaling kayo ay maniniwala kay Cristo, at magpabinyag, una ay sa tubig, at pagkatapos ay sa apoy at sa Espiritu Santo, na sinusunod ang halimbawa ng ating **TAGAPAGLIGTAS,** . . . iyon ay higit na mabuti para sa inyo sa araw ng paghuhukom” (Mormon 7:10).

“Ang **KORDERO NG DIYOS** ang Anak ng Amang Walang Hanggan, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan; at . . . ang lahat ng tao ay kinakailangang lumapit sa kanya, o sila ay hindi maaaring maligtas” (1 Nephi 13:40).

“Dahil sa nagkatawang-tao siya, tatawagin siyang **ANAK NG DIYOS**” (Mosias 15:2).

“Ang sinumang magsisisi, at hindi patitigasin ang kanyang puso, siya ay magkakaroon ng pag-angkin sa awa sa pamamagitan ng aking **BUGTONG NA ANAK,** sa ikapagpapatawad ng kanyang mga kasalanan” (Alma 12:34).

“Alam ko na ikaw ay tinubos, dahil sa kabutihan ng iyong **MANUNUBOS;** sapagkat namamasdan mo na sa kaganapan ng panahon siya ay paparito upang magdala ng kaligtasan sa tao” (2 Nephi 2:3).

“Pinatotohanan [ni Lehi] na ang mga bagay na kanyang nakita at narinig, at gayon din ang mga bagay na kanyang nabasa sa aklat, ay maliwanag na ipinaaalam ang tungkol sa pagparito ng **MESIYAS**” (1 Nephi 1:19).

“Ang **MABUTING PASTOL** ay tumatawag sa inyo; oo, at sa kanyang sariling pangalan kayo ay tinatawag niya, na ang pangalan ay Cristo” (Alma 5:38).

DETALYE MULA SA *THE GOOD SHEPHERD [ANG MABUTING PASTOL],* NI J. KIRK RICHARDS
DETALYE MULA SA *CHRIST’S IMAGE [IMAHE NI CRISTO],* NI HEINRICH HOFMANN